Outlook

**[CPD Activity] Paanyaya sa Ika-48 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang "Talaban at Hugpungan: Ang Gampanin ng SP sa Pagtugon sa Hating Kultural" na gaganapin sa 22-23 Nobyembre 2024**

**From** psspaktibidad@googlegroups.com <psspaktibidad@googlegroups.com> on behalf of PSSP <pssponline@gmail.com>
**Date** Mon 10/14/2024 5:24 PM
**To** Secretariat PSSP <secretariat@pssp.org.ph>

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
DATE: 10/16/24
TIME: 8:45
BY:
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

2 attachments (499 KB)
Liham Paanyaya.pdf; Tentatibong Programa.pdf;

**Talaban at Hugpungan: Ang Gampanin ng SP sa Pagtugon sa Hating Kultural (Tensions and Intersections: The Role of SP in Addressing Cultural Divides)**
22-23 Nobyembre 2024
via Zoom
CPD units: Psychology (9 CPD units); Guidance and Counseling, Professional Teachers, & Social Workers (in-process)
Registration Form: tinyurl.com/pksp48pagpapatala

*****

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Ngayong taon, isasagawa ng PSSP katuwang UPLB Departamento ng Agham Panlipunan ang Ika-48 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"Talaban at Hugpungan: Ang Gampanin ng SP sa Pagtugon ng Hating Kultural"*** sa **22-23 Nobyembre 2024** sa pamamagitan ng **Zoom**.

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. Matalakay ang gampanin ng Sikolohiyang Pilipino sa pag-unawa at pagtugon sa mga hating kultural tungo sa karangalan, katarungan, at kalayaan; 2. Magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan, at Sikolohiyang Pilipino; at 3. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahan at ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php700** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP na bayad ng *membership fee* sa taong 2024)
- **Php800** (Di-Kasapi ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng *membership fee* sa taong 2024)

- **Php1,700** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2025; Kailangang sagutan ang *Online Membership Form*: bit.ly/psspmembershipform)
- **Php400** (Kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*)
- **Php600** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2025 para sa kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: bit.ly/psspmembershipform)

Maaaring magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation/China Bank **(ibang bangko ang China Bank Savings)** *account* gamit ang inyong *mobile banking app* (sa pamamagitan ng InstaPay), mobile wallet (GCash, Maya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang sangay ng China Banking Corporation/China Bank. Narito ang detalye ng aming *account*:

Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
Branch: **China Banking Corporation Corinthian Hills, Quezon City**

Maaari rin kayong magpadala ng bayad sa Gcash account na:

Gcash Account Number: **09543703646**
Gcash Account Name: **Jholyan Francis S. Fornillos**

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: **tinyurl.com/pksp48pagpapatala**. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at naisumite sa *online form* ang katunayan ng bayad. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa **18 Nobyembre 2024** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon kapag napuno na ang ***450 slots.***

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Darwin C. Rungduin**
*Pamantasang Normal ng Pilipinas*
*Convenor, Kumperensiya 2024*

**G. Glenmark B. Villanueva**
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*Convenor, Kumperensiya 2024*

**Kat. Prop. Jholyan Francis S. Fornillos**
*Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*
*Pangulo, PSSP*

ADVISORY Date: 10-18-24
To: (✓) PSDS/DICs (✓) Elem/Sec School Heads
( ) Private Schools (✓) Others:
For: (✓) Information (✓) Dissemination
( ) Guidance
ORLANDO E. MANUEL PhD, CESO V
Schools Division Superintendent
By: ASDS CID Chief SGOD Chief AO Atty Signature:




--

**Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.**


**Secretariat**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
***(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)***
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Telephone: **(02) 8361-9260** | Mobile: **(0922) 875-1440**
E-mail: pssponline@gmail.com / secretariat@pssp.org.ph
Website: http://www.pssp.org.ph/
Diwa E-Journal: https://www.pssp.org.ph/diwa
Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: **pssponline**
Online Membership Form: http://bit.ly/psspmembershipform
Listahan ng mga Kasapi: http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/


--


You received this message because you are subscribed to the Google Groups "PSSP Aktibidad"

group.
To unsubscribe from this group and stop receiving emails from it, send an email to psspaktibidad+unsubscribe@googlegroups.com.
To view this discussion on the web visit https://groups.google.com/d/msgid/psspaktibidad/CANEJ4u0SgMwq2H1jAmio2SR8XW1rjX7NO61jOF1z8gk%3DWTsxPA%40mail.gmail.com.
For more options, visit https://groups.google.com/d/optout.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

# TENTATIBONG PROGRAMA
## IKA-48 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG KUMPERENSIYA
## TALABAN AT HUGPUNGAN: ANG GAMPANIN NG SP SA PAGTUGON SA HATING KULTURAL
## 22-23 Nobyembre 2024

| | |
|---|---|
| **22 Nobyembre 2024 (Biyernes)** | |
| 8:00 – 8:45 n.u. | PAGBUBUKAS NG IKA-48 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO<br>• Ritwal ng Pagbubukas<br>• Pambungad na Pananalita (Jholyan Francis S. Fornillos)<br>• Pagpapaliwanag ng Layunin ng Kumperensiya (Darwin C. Rungduin)<br>• Pagpapakilala sa mga Kahalok (Glenmark B. Villanueva) |
| 8:45 – 10:00 n.u. | Unang Plenaryong Sesyon: Pangunahing Pananalita<br><br>**Tungo sa Ugnayan at Buhay na May Dignidad: Ang Papel ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagtatagpi ng mga Pagkakahati**<br>Jose Antonio R. Clemente, PhD<br>Propesor, Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman<br>Assistant Vice President for Academic Affairs (Faculty Development), UP System |
| 10:00 – 10:05 n.u. | Transisyon patungo sa Sabayang Sesyon |
| 10:05 – 12:05 n.t. | Sabayang Sesyon 1 (Paglalahad ng Papel) |
| 12:05 – 1:05 n.h. | LUNCH BREAK |
| 1:05 – 3:05 n.h. | Sabayang Sesyon 2 (Paglalahad ng Papel) |
| 3:05 – 5:05 n.h. | Sabayang Sesyon 3 (Paglalahad ng Papel) |
| **23 Nobyembre 2024 (Sabado)** | |
| 8:30 – 8:45 n.u. | Ritwal |
| 8:45 – 10:00 n.u. | Ikalawang Plenaryong Sesyon<br><br>**Pagpapatibay ng Inklusibong Edukasyon: Ang Papel ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagharap sa Kultural na Hati**<br>Zhanina U. Custodio, PhD, LPT, RPm<br>Kawaksing Propesor, Pamantasang Normal ng Pilipinas |
| 10:00 – 10:05 n.u. | Transisyon patungo sa Sabayang Sesyon |
| 10:05 – 12:05 n.t. | Sabayang Sesyon 4 (Paglalahad ng Papel) |
| 12:05 – 1:05 n.h. | LUNCH BREAK |
| 1:05 – 1:30 n.h. | Pulong ng Kasapian |
| 1:30 – 1:35 n.h. | Transisyon patungo sa Sabayang Sesyon |
| 1:35 – 3:35 n.h. | Sabayang Sesyon 5 (Paglalahad ng Papel) |
| 3:35 – 4:30 n.h. | Pangwakas na Programa<br>• Presentasyong Kultural<br>• Pasasalamat at Pangwakas na Pananalita (Darwin C. Rungduin at Jholyan Francis S. Fornillos)<br>• Ritwal ng Pagtatapos<br>• Posttest at Pagtatasa ng Kumperensiya |

## ABSTRAK NG UNANG PLENARYONG SESYON (PANGUNAHING PANANALITA)

**Tungo sa Ugnayan at Buhay na May Dignidad: Ang Papel ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagtatagpi ng mga Pagkakahati**

Jose Antonio R. Clemente, PhD
Propesor, Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Assistant Vice President for Academic Affairs (Faculty Development), UP System

Paano bumubuo ng mga ugnayan at buhay na may dignidad? Sa kasaysayan at hanggang sa kasalukuyan, maraming komunidad na nasa laylayan o di kaya ay patuloy na isinasantabi ang madalas na nabubuhay na may mga limitadong oportunidad sa ilalim ng hindi makatarungang sistema—isang buhay na hindi karapat-dapat sa sinuman. Sa madaling sabi, sa halip na mamuhay ng may dignidad, marami ang nakakaranas ng kawalan ng kalayaan. Sa presentasyong ito, ipapanukala ko na ang isang paraan upang maisulong ang kagalingan ng mga *historically-marginalized groups* ay sa pamamagitan ng paggamit ng kultural na balangkas ng magandang buhay. Kinakailangang itanong sa mga miyembro ng komunidad kung ano ang kanilang pinahahalagahan, tukuyin ang mga balakid o puwang sa kanilang pagsisikap na makamit ito, at lumikha ng mga sistema na sumusuporta sa kanilang mga adhikain. Isusulong ko na bukod sa mga *deficit model* na nangingibabaw sa mga pananaliksik ukol sa mga *marginalized* na grupo, ang panukalang ito ay nagbibigay-diin sa ahensya ng tao na pumili at kakayahang makamit ang magandang buhay. Ilalarawan ko ang mga sangkap ng isang magandang buhay, isang balangkas ng kagalingan sa Pilipinas na ginamit sa mga pag-aaral sa mga manggagawang nakakaranas ng *precarity* at mga *stigmatized* na *sexual minority*. Ang balangkas na imumungkahi ay maaari ring iangkop sa iba't ibang hating kultural sa Pilipinas. Sa pagtatapos, susubukan kong isulong ang pagyakap ng Sikolohiyang Pilipino sa *commitments* ng kultural, kritikal, at dekolonyal na mga *paradigm* tungo sa pagbuo ng buhay na may dignidad at pagtatagpi ng ugnayang malalalim ang pagkakahati.

Tungkol sa Tagapagsalita

Si Jose Antonio "Ton" R. Clemente ay Propesor sa Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman at kasalukuyang Katuwang na Pangalawang Pangulo para sa Gawaing Akademiko (Pagpapaunlad ng Kaguruan) ng Sistemang UP. Natapos niya ang kaniyang PhD sa Sikolohiya sa University of Macau. Itinuturing ni Dr. Clemente ang kaniyang sarili bilang *scholar-advocate* ng Sikolohiyang Panlipunan at Katutubong Sikolohiya. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay binubuo ng sikolohiyang panlipunan ng mga uring panlipunan at di-pagkakapantay-pantay, sikolohiyang LGBT, pagpapahalagang kultural, living wage, at papel ng tradisyonal at bagong midya sa edukasyon at pagpapabuti sa kalidad ng buhay. Si Dr. Clemente ay kasaping panghabambuhay ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino at nagsilbing Pangulo nito noong 2020-2021.

## ABSTRAK NG IKALAWANG PLENARYONG SESYON

**Pagpapatibay ng Inklusibong Edukasyon: Ang Papel ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagharap sa Kultural na Hati**

Zhanina U. Custodio, PhD, LPT, RPm
Kawaksing Propesor, Pamantasang Normal ng Pilipinas

Ang pagpapatupad ng Republic Act 11650, na nagtataguyod ng inklusyon at mga serbisyon para sa mga mag-aaral na may kapansanan, ay isang mahalagang hakbang sa pagtahak ng Pilipinas tungo sa edukasyong inklusibo. Ang diskusyon na ito ay sumasalamin sa progreso ng bansa, mula sa panahon bago ang Salamanca hanggang sa kasalukuyan, kung saan ipinapakita kung paano ang mga polisiya ay nagsilbing pundasyon para sa inklusyon. Gayunpaman, sa kabila ng mga tagumpay na ito, nananatili ang ilang mga balakid na humahadlang sa lubos na pagsasakatuparan ng inklusibong edukasyon. Kabilang dito ang mga maling pagkakaunawa, stigma ng lipunan, kakulangan sa pondo, kakulangan sa kahandaan ng mga guro, at mga puwang sa ugnayan ng mga ahensya ng pamahalaan. Tatalakayin sa ulat na ito kung paano maaaring gampanan ng *Sikolohiyang Pilipino* ang isang mahalagang papel sa pagtugon sa mga kultural na hati at sa pagpapalakas ng isang inklusibong kapaligiran na nakaugat sa mga natatanging pagpapahalagang Pilipino.

Tungkol sa Tagapagsalita

Si Zhanina Umali Custodio ay nagtapos nang may karangalan ng BS Sikolohiya sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (PNU). Ipinagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral sa PNU kung saan nagkamit siya ng MA at MS sa Espesyal na Edukasyon. Nagtapos ang kaniyang akademikong paglalakbay sa PhD sa Espesyal na Edukasyon na may akademikong kahusayan mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 2019.

Sa kaniyang mayamang propesyonal na karanasan, si Dr. Custodio ay nagsilbing Kawaksing Propesor sa Faculty of Education & Information Sciences (FEIS) at bilang opisyal sa pananaliksik sa National Research Center for Teacher Quality (RCTQ) ng PNU. Dagdag dito, nagsilbi rin siyang pinuno ng University Gender and Development Office (UGDO) sa parehong pamantasan.

Ang dedikasyon ni Dr. Custodio sa inklusibong edukasyon ay matutunghayan sa kaniyang mga gawain sa adbokasiya. Siya ay naging kasapi ng mga prestihiyosong internasyonal na organisasyon tulad ng Phi Kappa Phi Honor Society, Pi Gamma Mu Honor Society, at Pi Lambda Theta Honor Society. Dahil sa kaniyang sigasig sa pagsusulong ng inklusibong edukasyon, naging tagapagsalita siya sa Teachers' Preparation for Inclusive Education in the Philippines. Bukod dito, malaki ang kaniyang naiambag bilang tagapagsalita at miyembro ng Technical Working Group on Inclusive Education (TWG-IE) para sa Special Education and Inclusive Education Bills sa ilalim ng Committee on Basic Education, Arts & Culture ng Senado ng Pilipinas, na nagkaroon ng mahalagang papel sa pagbuo ng RA 11650 o ang "Act Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learners with Disabilities," na sumusuporta sa inklusibong edukasyon. Ang kaniyang hindi natitinag na pangako sa paglikha ng isang mas inklusibong lipunan sa pamamagitan ng edukasyon ay binibigyang-diin ng kaniyang mga makatuturang kontribusyon sa larangang ito.

Si Dr. Custodio ay parehong lisensiyadong guro at psychometrician.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

**LUPON NG MGA KADIWA**
*(BOARD OF TRUSTEES)*
**2024-2025**

*Pangulo*
**Jholyan Francis S. Fornillos**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

*Pangalawang Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Kalihim*
**Glenmark B. Villanueva**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Darwin C. Rungduin**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/
Komisyon sa Karapatang Pantao

**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University-Batangas

**Francis Simonh M. Bries**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Carl O. Dellomos**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

**Noahlyn C. Maranan**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Aira Mae Mortel**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-14 ng Oktubre 2024

________________________
________________________
________________________

Mahal na ________________:

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Ngayong taon, isasagawa ng PSSP katuwang UPLB Departamento ng Agham Panlipunan ang Ika-48 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"Talaban at Hugpungan: Ang Gampanin ng SP sa Pagtugon ng Hating Kultural"*** sa **22-23 Nobyembre 2024** sa pamamagitan ng **Zoom**.

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. Matalakay ang gampanin ng Sikolohiyang Pilipino sa pag-unawa at pagtugon sa mga hating kultural tungo sa karangalan, katarungan, at kalayaan; 2. Magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan, at Sikolohiyang Pilipino; at 3. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahan at ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php700** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP na bayad ng *membership fee* sa taong 2024)
- **Php800** (Di-Kasapi ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng *membership fee* sa taong 2024)
- **Php1,700** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2025; Kailangang sagutan ang *Online Membership Form*: bit.ly/psspmembershipform)
- **Php400** (Kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*)

**CPD Units: RPsy/RPm (9); LPT, RGC, RSW (in-process)*

- **Php600** (May kasamang *membership* sa PSSP sa taong 2025 para sa kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang mag-upload ng *proof of enrolment* at kopya ng *current student ID* kasama ng *proof of payment*; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: bit.ly/psspmembershipform)

Maaaring magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation/China Bank **(ibang bangko ang China Bank Savings)** *account* gamit ang inyong *mobile banking app* (sa pamamagitan ng InstaPay), mobile wallet (GCash, Maya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang sangay ng China Banking Corporation/China Bank. Narito ang detalye ng aming *account*:

Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
Branch: **China Banking Corporation Corinthian Hills, Quezon City**

Maaari rin kayong magpadala ng bayad sa Gcash account na:

Gcash Account Number: **09543703646**
Gcash Account Name: **Jholyan Francis S. Fornillos**

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: **tinyurl.com/pksp48pagpapatala**. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at naisumite sa *online form* ang katunayan ng bayad. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa **18 Nobyembre 2024** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon kapag napuno na ang ***450 slots.***

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Darwin C. Rungduin**
*Pamantasang Normal ng Pilipinas*
*Convenor, Kumperensiya 2024*

**G. Glenmark B. Villanueva**
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*Convenor, Kumperensiya 2024*

**Kat. Prop. Jholyan Francis S. Fornillos**
*Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*
*Pangulo, PSSP*

*/kclr09*